

# Ika-5 plano ng Lungsod ng Yokohama para paunlarin ang edukasyon

## Buod na Bersyon

**2026-2029**

Departamento ng Board of Education ng Yokohama City

# Panimula

**Ipapahayag ng mga mag-aaral**

**[Gusto kong alamin ang sarili ko. Alamin ko kung paano lutasin ang aking kahinaan at gamitin ang aking galing sa hinaharap.]**

**[Masaya kung kasama ang mga kaibigan at kami ay magtulungan, magturuan, magpalitan ng ideya, at magkasamang makilahok sa mga gawain sa paaralan.]**

**[Mahalagang alamin o gumawa ng lugar kung saan ako nabibilang. Malakas ang loob kong harapin ang mga hamon dahil alam ko ang saan ako lumulugar.]**

**Ang mga bata ay buhay sa [kasalukuyan] at namumuhay tungo sa [hinaharap].**

**Sa panig ng mga nakatatanda.**

**Kaya ba nating hindi magbulagbulagan sa panahon ng malaking pagbabago at mapangalagahan ang [kasalukuyan] at [hinaharap] ng mga bata?**

**[Kakatagan sa pangangasiwa ng sariling buhay.]**

**[Makisalamuha sa mga tao sa mundo at lumikha ng bagong bagay na may halaga.]**

**[Pagyakap sa pagkakaiba ng bawat isa at sa pagbabago at pagiging flexible para makamit ang buong potensiyal.]**

**Hindi ba't ang mga kinakailangan para malikha ang hinaharap ng mga kabataan ay siya ring kinakailangan natin sa kasalukuyan?**

**Ang plano ng Board of Education ng Yokohama City para ang lahat ay mamuhay na masagana at payapa, ay nabuo sa pamamagitan ng pagdinig sa mga opinyon ng mga kabataan at bilang mga nakatatanda, ang makailang ulit na pagtalakay sa 7 haligi at 18 patakaran na ibinatay sa paggalang sa diwa ng karapantang pantao, Para lumawak ang kakayahan ng bawat bata at makatuwang malikha ang hinaharap, mahalagang pangalagahan ang [edukasyong nakatuon sa mga bata] at ang katangitanging edukasyon ng Yokohama na bukas kaninuman nang sa gayon, sila ay makapag-aral na ligtas sa [kasalukuyan] at mabubuhay sa isang magandang kapaligiran.**

**Dagdag dito, ang komprehensibo at kabuuang kapaligiran gaya ng mga guro, tao sa komunidad, at iba pa na susuporta sa [edukasyong nakatuon sa mga bata] ay mahalaga. Hindi lamang mga bata, kasali rin ang mga matatandang nais magpatuloy ng pag-aaral. Panimula na rito ang paghahanda ng mga aklatan at ng buong siyudad ng Yokohama bilang mga lugar para matuto ay kinakailangan.**

**Sa pamamagitan ng [magkatuwang paglikha] ng maraming mamamayan, ang [kasalukuyan] ng bawat bata at babantayan at susuportahan at iugnay sa [hinaharap].**

**Naninindigan kami na mapangalagahan ang [kasalukuyan] at [kinabukasan] ng bawat mag-aaral sa humigit kumulang na 250,000 bata, at bunsod ng aming determinasyon na pangunahan ang edukasyong pampubliko ng bansang Hapon, patuloy naming tutuklasin kung anong uri ng edukasyon ang magpapalawak ng mga posibilidad ng lahat ng bata at makatuwang sa pagbuo ng hinaharap habang isusulong ang paninimula ng Ika-5 plano ng Lungsod ng Yokohama para paunlarin ang edukasyon.**

**Departamento ng Board of Education ng Yokohama City**

# Balangkas ng Ika-5 plano

Ang 5th Yokohama Basic Plan for the Promotion of Education (na tutukuyin na Ika-5 Plano mula sa puntong ito) ay isang **planong pagkilos na binalangkas para makamit ang layunin ng Yokohama Education Vision 2030** (nabuo noong 2018). Naglalarawan ito sa ulirang edukaasyon nais makamtan ng lipunan sa taong 2030. Habang isinasaalan-alang ang **batayang plano para sa pagtaguyod ng edukasyong itinatag ng pamahalaan** at iniintindi ang kalagayan ng bawat prepektura,, ang ika-5 plano ay ipoposisyon bilang isang planong batayan na tutukoy sa mga hakbang para pagyamanin ang edukasyon sa pamahalaang lokal na bubuuin batay sa Article 17, Paragraph 2 ng Fundamental Law of Education.
Ang pagpapatupad sa plano ay **mula sa taong 2026 hanggang 2029**.
Para maihanda ang ika-5 Plano, titiyakin namin na ayon ito sa "Yokohama City Medium-Term Plan," the "Fiscal Vision for the Sustainable Development of Yokohama City," at iba pang may kaugnayang mga plano. Ang "Yokohama City Education Charter" ay papalitan ng Chapter 1 ng planong ito sa pagsisimula ng Fiscal Year (FY) ng 2026, gaya ng napagkasunduan ng Yokohama City Comprehensive Education Council para umayon ito sa maayos na pagpapatakbo ng educational administration ng siyudad.
Sa pagsasagawa ng plano, lilikhain namin ang mga batayan gaya ng "indikasyon", " pangunahing mga inisyatiba", " inaasahang dami ng trabaho" para masuri at pamahalaan ang progreso ng bawat isa sa mga aksyon na nakapaloob sa programa ayon sa PDCA cycle.
※Bilang panuntunan, ang kasalukuyang halaga ay tumutukoy sa halaga sa FY2025, at sa nilalayong halaga sa FY2029.

# Istruktura ng Plano

| Haligi | Panukala |
|---|---|
| 1 Pagsulong ng edukasyon na nagpapalawak ng kakayahan ng mag-aaral | 1 Paglinang sa katangian at kakayahan na gumamit ng interaktibo, malalim at sariling pagkukusa<br>2 Paglinang sa kagandahang-asal<br>3 Pag-alaga sa malusog na katawan<br>4 Pagkaloob ng edukasyong tumutogon sa magkakaibang pangangailangan at pagpapahalaga sa bawat mag-aaral<br>5 Pagsulong sa edukasyon sa high school na magbubukas ng daan para sa hinaharap<br>6 Hangarin na magkaroon ng isang lugar na kung saan ang mag-aaral ay may maaasahang patuloy na tulong, tahimik, at lakas-loob na hamunin ang sarili |
| 2 Magkatuwang buuin ang hinaharap, linangin ang pandaigdigang talento | 1 Paglinang ng intercultural communication skills<br>2 Hubugin ang sarili at pangalagaan ang mga tao na lilikha ng hinaharap |
| 3 Pagbuo ng ligtas na kapaligiran sa pag-aaral | 1 Magbuo ng ligtas na kapaligiran na nagbibigay halaga sa pananaw ng mga bata |
| 4 Isang lipunan na ang lahat ay sumusuporta sa pagsulong ng edukasyon ng mga bata | 1 Ugnayan sa mga tagapangalaga<br>2 Pagbutihin ang ugnayan sa welfare center at sa serbisyong medikal<br>3 Suporta sa pag-aaral sa tahanan na nakabatay sa relasyon |
| 5 Masiglang mga guro at kawani na sumusuporta sa edukasyon ng mga bata | 1 Pagsasaisa ng training, hiring, at development ng mga guro at kawani at ipalaganap ang apela nito<br>2 Pagsusulong ng reporma sa paraan ng pagtratrabaho ng mga guro at kawani |
| 6 Laki ng paaralan at mga pasilidad na nagpapayaman sa pag-aaral ng mga bata | 1 Pakinabangan ng lubusan ang laki ng paaralan atbp<br>2 Mga hakbang upang matugunan ang problema sa pagkaluma ng pasilidad at pagpapabuti ng pagkagamit |
| 7 Pagpapayaman sa pagkatuto ng mga mamamayan | 1 Pagsulong sa panghabambuhay na pagkatuto<br>2 Pagpapabuti at pagpapahusay ng mga aklatan ng siyudad at pagpapaganda ng accessibility |

## Pag-aalaga ng tao na nais ng edukasyon sa Yokohama

**Natututo sa kanilang sarili, makipag-ugnayan sa lipunan,**
**at magkasama-sama sa paggawa ng kinabukasan.**

（Yokohama Vision for Education 2030）

## Ang mga kinakailangan ng mga bata para bumuo ng magandang kinabukasan

Ang mga kabataan ngayon ay nakikipag-ugnayan sa iba’t-ibang tao gamit ang internet Ang bilang ng napapasabak sa gulo dahil isa SNS at iba pang katindulad na mga aplikasyon ay natriple sa nakalipas na 10 taon.

Ang hinaharap kung saan ibubuka ng mga kabataan ang kanikanilang pakpak ay agarang nakakunekta sa buong mundo at nagbiigay ng impluwensiya sa bawat isa X may mataas na antas ng kawalan ng katiyakan at nangangailangan ng tugon sa mga pandaigdigang problema.

▼

**May katatagan ng loob para pamunuan ang sariling buhay.**

**Makisalamuha sa iba’t-ibang tao sa mundo at kasama sa paglikha ng bagong bagay na may halaga.**

**Kakayahang tanggapin ang kaibhan ng bawat isa at pagbabago at mapalawig ng lubos ang potensiyal.**

## Pagsasalawaran sa konsepto ng ika-5 Yokohama City Basic Plan para paunlarin ang edukasyon.

# Natututo sa kanilang sarili, makipag-ugnayan sa lipunan, at magkasama-sama sa paggawa ng kinabukasan.

- May katatagan ng loob para pamunuan ang sariling buhay.
- Makisalamuha sa iba't-ibang tao sa mundo at kasama sa paglikha ng bagong bagay na may halaga.
- Kakayahang tanggapin ang kaibhan ng bawat isa at pagbabago at mapalawig ng lubos ang potensiyal.




**Haligi 1 at 2**

Nais namin na pahalagahan ng lahat ang [Bakit?] at [Gusto kong subukan!]



**Haligi 3 at 4**

Bibigyan namin ng halaga ang pag-aaral na panatag ang kalooban.



**Haligi 7**

Hindi lamang paaralan, gumawa tayo ng mga maraming lugar kung saan puwedeng mag-aral at maging siyudad ng edukasyon.



**Haligi 5**

Ang mga guro ay lalong magsusumikap para matuto ang mga mag-aaral.



**Haligi 6**

Maghanda ng mainam na kapaligiran para sa magandang pag-aaral.

## Haligi 1

## Pagsulong sa edukasyong nagpapalawak sa kakayahan ng lahat ng mag-aaral

### Panukala 1　Pagbuo ng mga katangian at kakayahan sa pamamagitan ng proactive, interactive, at malalim na pag-aaral

**Background**

Habang patuloy na binibigyang halaga ang exploratory learning at ang mga kasanayan na nagsisilbing pundasyon na sumusuporta dito, lalong higit na mahalaga na linangin ang pagiging matatag at flexible para magkaroon ng ganap na kakayahan na sumulong sa lipunang puno ng kawalan ng katiyakan.

**Layon・Direksiyon**

**Sa pamamagitan ng digital learning at masusing pang-unawa sa kalagayan ng bawat mag-aaral, makakamtan natin ang [Edukasyong nakasentro sa kabataan] at patuloy na pagyamanin ang kanilang katangian at kakayahan.**

**Pangunahing inisyatiba**


- Pagyamanin ang pagpapalawig ng {research} at ang kahusayan sa paggamit ng impormasyon na siyang saligan nito.
- Pagtaguyod ng curriculum management.
- Pagpapatibay ng istruktura ng organisasyon.
- Paggamit ng mga digital platforms para sa pag-aaral at ng Educational Big Data.
- Tuloy-tuloy at panatag na operasyon at patuloy na pagpapanibago ng mga digital platforms para sa pag-aaral.

**Ang [pag-aaral na nakasentro sa kabataan]**

ay naglalarawan sa pag-aaral na kung saan ang estudyante ay kusang mag-aral, aktibong nag-aaral habang nakikisali at nakikipagtulungan sa iba, nagninilay ito sa mga aktibidades na may kaugnayan sa kanyang pagkatuto at base sa karanasan ay pinaplano ang kanyang susunod na mga hakbang



**Ang pagsasalarawan ng tatlong dimensiyon ng pagkatuto**








**Yokohama St☆dy Navi**

**Mga 250,000 mag-aaral**
**Mga 20,000 guro at kawani**

**Pagtaguyod ng Evidence-Based Policy Making (EPBM)**

Base sa mga datos, planuhin ng maaga ang mga darating na mga "bagong bagay" sa edukasyon at mga pagbabago sa kakayahang pang-akademiko para masuportahan ang angkop na pagkatuto. ng bawat bata.

**Real-time Data**

Quickly understand changes in learning attitudes and comprehension to inform teacher support and feedback.




**Pangunahing indikasyon**

| Indikasyon | Kasalukuyang bilang | Layon |
|---|---|---|
| Porsiyento ng mga estudyanteng nagkamit ng "edukasyong nakasentero sa kabataan"※ | Grade 6：88.4%　3rd Yr JHS：88.0% | Grade 6：90%　3rd Yr JHS：90% |
| Bilang ng mga mag-aaral sa Yokohama na bumuti ang kanilang academic level ayon sa Yokohama City Academic Achievement and Learning Status Survey. | Grade 6：Japanese 63.5%　Math 66.1%<br>3rd Yr JHS：Japanese 66.2%　Math 69.0 | Grade 6：Japanese 68%　Math 70%<br>3rd Yr JHS：Japanese 70%　Math 73% |
| Ang blang ng mga mag-aaral na nagagamit ang kanilang natutunan sa mga klase sa matematika sa pang-araw-araw na buhay. | Grade 6：84.1%　3rd Yr JHS：59.5% | Grade 6：90%　3rd Yr JHS：70% |

※ ①Bilang ng mga estudyanting akibong nakikibahagi sa pag-aaral sa paaralan. ②Bilang ng mga estudyanteng nagsisikap gamitin ang kanilang pinag-aralan sa pang-araw-araw na pamumuhay at sa lipunan.
③Bilang ng mga estudyanteng nagsisikap ipahayag ang kanilang saloobin sa paraang nauunawaan ng iba. ④Bilang ng mga estudyanteng nagpapa;awak at nagpapalalim ng kaalaman sa pamamagitan ng pakikipagtalakayan sa mga kaklase.

## Panukala 2　Palaguin ang mayamang kaisipan

**Background**

Muling bigyang patibay ang kahalagahan ng paaralan at, sa pamamagitan ng mga gawaing pang-edukasyon, pagyayamanin ang ginintuang puso sa isang lugar na ang lahat ay maaaring mamuhay nang payapa, batay sa diwa ng paggalang sa karapatang pantao.



**Layon・Direksiyon**

**Nilalayon naming pagyamanin ang ginintuang puso na siyang magbibigay daan sa mga bata ng kakayahan na umangkop sa walang katiyakang lipunan habang naghahanap ng daan sa patutunguhan batay sa kakayahang umintindi ng sariling damdamin at emosyon, kakayahang purihin at bigyang lakas ng loob ang sarili, paniniwala sa sariling kakayahan at paniniwala sa sariling kahalagahan.**

**Pangunahing inisyatiba**

- Pagsulong ng edukasyon sa karapatang pantao.
- Pagpapaunlad ng edukasyong pangmoralidad sa lahat ng gawaing pang-edukasyon ng paaralan.
- Pagsulong ng edukasyon sa malusog na kaisipan.
- Pagbuo ng mga katangian at kakayahan sa pamamagitan ng aktuwal na aktibidades.
- Paglikha ng pagkakataon upang maranasan nang tunay ang mga bagay-bagay.

**Pangunahing indikasyon**

| Indikasyon | Kasalukuyang bilang | Layon |
|---|---|---|
| Bilang ng mag-aaral na may malusog na pagpapahalaga sa sarili※ | Grade 6：79.9%　3rd Yr JHS：77.2% | Grade 6：85.0%　3rd Yr JHS：80.0% |

※Bilang ng mga mag-aaral na sumagot ng 'Sa tingin ko oo' o 'Kung pipili ako, oo ang sasabihin ko' sa mga tanong tungkol sa self-esteem sa Yokohama City Academic Standardized Tests—partikular sa mga tanong na 'Gusto mo ba ang sarili mo?' at 'Sa palagay mo ba ay mayroon kang magagandang katangian?

## Panukala 3　Paglinang ng malusog na katawan

**Background**

Sa kadahilanang patuloy na nababago ang kapaligiran na kinaroroonan ng estudyante, higit na mahalaga na panatilihin ang kalusugan at pagbutihin ang nutrisyon at gawaing pampalakas ng katawan.



**Layon・Direksiyon**

**Nilalayon namin na mapanglagahan ng bawat bata ang malusog na katawan sa pamamagitan ng pag-intindi ng mga ito sa kalagayan ng kanilang sariling kalusugan para mamuhay na aktibo at patuloy na panatilihin at lalong pagbutihin ang kalagayan ng kanilang kalusugan.**

**Pangunahing inisyatiba**

- Tuloy-tuloy na pagpapatupad ng school lunch sa Junior HS at edukasyong pangnutrisyon na angkop sa edad ng bata.
- Panatilihin ang kalusugan sa habambuhay at magkaroon ng kaiya-siyang sports bilang bahagi ng buhay.
- Maisakatuparan ang paglahok at pagpapatuloy ng club activities.
- Pagpapabuti ng pngkalusugang edukasyon.

**Pangunahing indikasyon**

| Indikasyon | Kasalukuyang bilang | Layon |
|---|---|---|
| Bilang ng mga estudyanteng kumakain ng balanseng pagkain at sapat sa nutrisyon | 76.2%<br>（FY2024） | 80% |
| Ang bilang ng mga mag-aaral na gustong mag-enjoy ng ehersisyo at sports at walang pag-aalintana sa tglay na pisikal na lakas, antas ng kasanayan, kasarian, o kapansanan. | 87% | 90% |

## Panukala 4　Pagkamit sa edukasyong nagbibigay halaga sa bawat mag-aaral at tumutugon sa magkakaibang pangangailangang pang-edukasyon

**Background**

Kinakailangang lumikha ng isang kapaligiran kung saan ang lahat ng mag-aaral ay matututo na payapa ang kalooban na dulot ng edukasyong tumutugon sa magkakaibang pangangailangang pang-edukasyon at sumusuporta sa bawat mag-aaral.

**Layon・Direksiyon**


**Lilikhain natin ang isang kapaligirang pang-edukasyon na umiintindi at bukas sa lahat ng mag-aaral, kabilang na rito ang mga batang nangangailangan ng espesyal na suporta, mga batang hindi pumapasok sa paaralan, mga batang nangangailangan ng tulong sa pag-aaral ng Hapon, o mga batang may problema sa pananalapi upang ang mga ito ay makaramdam ng seguridad anumang oras.**

**Pangunahing inisyatiba**

- Bigyang halaga ang kalagayan ng bawat bata at pagyamanin ang edukasyon na magpapalawak sa kanilang mga potnsiyal.
- Pagbuo ng sistemang susuporta sa magkakaibang paraan ng pag-aaral.
- agtaguyod ng special needs education sa elementarya, junior high, and high schools.
- Pagpapabuti ng special needs schools.
- Paggamit ng collaborative learning at palitan ng kaalaman.
- Paghanda ng suporta at lugar para sa mga batang hindi pumapasok sa paaralan.
- Pagpapahusay ng suporta para sa mga batang nangangailangan ng tulong sa wikang Hapon.
- Pagsulong sa mga hakbang upang matugunan ang karukhaan ng mga bata.



**Suporta sa mga batang nakatira sa Yokohama na hindi pumapasok sa paaralan.**




### Patungo sa pagkamit ng inklusibong edukasyong natatangi sa Yokohama

Nilalayon makamtan ang isang lipunan kung saan ang bawat estudyante ay maipapakita ang kanilang kakayahan at mamuhay na marangal bilang kasapi, makipagkilanlan at makipagtulungan.
Para magtagumpay, kailangang manaliksik, manuri, at magsagawa ng mga huwarang paraan ng pag-aaral sa loob ng regular classrooms, tuklasin ang mga paraan ng pakikihalubilo at samahang pag-aaral sa pagitan ng special needs schools at regular classrooms, at susuriin ang mga paraan upang lumikha ng kapaligiran kung saan ang lahat ng mag-aaral ay maaaring matuto nang payapa.
(Batayan: “Yokohama City Special Needs Education Promotion Guidelines” (March 2024))

**Pangunahing indikasyon**

| Indikasyon | Kasalukuyang bilang | Layon |
|---|---|---|
| Bilang ng mga tagapangalaga na naniniwalang nakakatanggap ng karampatang tulong sa pag-aaral at suporta na nakabatay sa pangangailangang pang-edukasyon ng bawat mag-aaral na humahantong sa paglaki ng mga bata　batay sa planong patnubay at suportang pang-edukasyong iniangkop sa bawat mag-aaral. | 92.8％（FY2024） | 95％ |
| Bilang ng mga estudyanteng wala sa paaralan at tumatanggap ng propesyonal na pagpapayo at pagpapatnubay. | 56.6％（FY2024） | 67％ |
| Bilang ng mga estudyanteng tumanggap ng panimulang kurso sa wikang Hapon na nakaranas ng pinagsamang iskor ng pag-angat ng paningin sa sarili, pakikiramay, at pagsasaalang-alang.（Grade 3～6） | 53％ | 60％ |
| Ang bilang ng mga esudyanteng naging maagap at aktibo na mag-aral ng kusa bunsod ng pagsali sa after school support learning program. | 85％（FY2024） | 90％ |

## Panukala 5　Pagbutihin ang high school education para makamit ang magandang kinabukasan

**Background**

Ang enrollment ng 3rd Yr JHS sa Yokohama public schools ay tinatayang bababa ng 20 porsiyento sa taong 2031 (kumpara sa datos ng taong 2024). Bilang karagdagan, may malaking pagbabagong nagaganap sa kapaligirang pumapalibot sa edukasyon sa mataas na paaralan at kaakibat ng muling pagsasaayos ng mataas na paaralan, mahalagang mabigyan pansin ang patutunguhan nito sa hinaharap.

**Layon・Direksiyon**

**Titiyakin ang tuloy-tuloy na edukasyong natatangi lamang sa Yokohama mula elementarya at Jr. HS habang pinapangalagahan ang pagkakaiba ng programang pang-edukasyon ng bawat dstrito ng siyudad, kasama na rito ang pag-iisip sa direksiyong patutunguhan ng mataas na paaralan sa hinaharap.**



**Pangunahing inisyatiba**

- Pagbuo ng pananaw para sa susunod na henerasyon ng mataas na paaralan.
- Pagyamanin ang natatanging edukasyon sa mataas na paaralan.
- Global education at pagpapalawig ng siyensiya.
- Mapagtanto ang edukasyon sa mataas na paaralan na nagpapahalaga sa bawat mag-aaral.

**Pangunahing indikasyon**

| Indikasyon | Kasalukuyang bilang | Layon |
|---|---|---|
| Porsiyento ng estudyanteng nasisiyahan sa kanilang pag-aaral sa paaralan. | — | 90％ |

## Panukala 6　Pagsulong sa isang kapaligirang ligtas sa bawat mag-aaral at suporta sa mga pagsubok

**Background**

Dahil mayroon na tayong kakayahang mapasakamay ang napakalawak na impormasyon, mahalagang magtatag ng isang kapaligiran susuporta sa siklo ng kapanatagan at pagsubok.

**Layon・Direksiyon**

**Pagsulong sa isang kapaligiran kung saan nagaganap ang patuloy na ikot ng salitan ng pagsubok at kapanatagan at dito maaring matanto ng mga estudyante ang kanilang buong kakayahan at mag-adjust sa mga pagbabago gaya ng school opening o pagpasok sa kasunod na baitang.**

**Pangunahing inisyatiba**

- Pagsulong sa isang kapaligiran kung saan nagaganap ang patuloy na ikot ng salitan ng pagsubok at kapanatagan at dito maaring matanto ng mga estudyante ang kanilang buong kakayahan at mag-adjust sa mga pagbabago gaya ng school opening o pagpasok sa kasunod na baitang.
- Koordinasyon ng edukasyon sa pagitan ng elementarya at JHS at pagpapatuloy sa high school.
- Hangaring kamtan ang edukasyon na nagpapalawak sa potensiyal ng lahat ng mag-aaral.

**Haligi 2**

**Pagyamin ang global talent at magkatuwang buuin ang hinaharap**

## Panukala 1 Pagsulong sa mga kasanayang pakikipagtalastasang pang-intercultural.

**Background**

Mula nang nabuksan ang Yokohama bulang isang daungan, ang mga dayuhan at mga katutubo ay dito naakit at nagtipon-tipon. At hanggng sa kasalukuyan, nangunguna ang Yokohama sa pagtanggap ng mga makabagong teknolohiya at makabagong kultura. Bunsod nito, kailangang pagbutihin ang edukasyon sa Ingles at ipalaganap ang International Understanding Education.

**Layon・Direksiyon**

**Upang matugunan ang mga pandaigdigang problema, makisalamuha sa lahat ng tao sa mundo, at gumawa ng mga bagong bagay na may kabuluhan, kailangang pag-ibayuhin ang interes na makisalamuha sa iba't-ibang kultura, at palawakin ang pang-unawa sa pagkakaiba ng bawat isa sa pamamagitan ng paghasa sa kakayahang makipagtalastasan sa Ingles at iba pang wika at kakayahang makissama at gumawa ng kasunduan.**




**Pangunahing inisyatiba**

- Karagdagang pagpapahusay ng English education.
- Pag-promote ng mga International Understanding Classes.

**Pangunahing indikasyon**

| Indikasyon | Kasalukuyang bilang | Layon |
|---|---|---|
| Porsiyento ng mga estudyanteng nagnanais na maipagtalastasan gamit ang salitang Ingles. | Grade 6：80.0％<br>3rd Yr JHS：80.6％ | Grade 6：85％<br>3rd Yr JHS：85％ |
| Bilang ng mga estudyante nagtatapos sa Jr.HS na magkamit ng kapareho o higit sa CEFR A1 (hal., Eiken Grade 3) . | 65.4％ | 85％ |

## Panukala 2 Paghubog sa sarili at paghubog sa mga taong huhubog sa kinabukasan

**Background**

Sa hinaharap, ang mga bata ay mamumuhay sa isang masalimuot at pabago-bagong lipunan, mahalagang hubugin ang kakayahan ng mga ito na magsarili, magkaroon ng aktuwal na karanasan, mag-aral na na kasali sa grupo, mag-aral nang mag-isa at alagaan ang mga ito bilang mga tagahubog ng kinabukasan at tagalikha ng lipunan sa hinaharap.

**Layon・Direksiyon**

**Nilalayon naming linangin ang mga tagalikha sa hinaharap upang sila ay magkaroon ng kakayahang hubugin ang kanilang sarili,ng buhay, kikilos na may kamalayan sa ibubunga nito sa lipunang ginagalawan, at magkatuwang sa paglikha ng hinaharap.**



**Pangunahing inisyatiba**

- Sistematikong paglinang sa mga kabataang tagalikha ng hinaharap na may taglay na kakayahang hubugin ang kanilang mga sarili at ang lipunang gagalawan.

**Pangunahing indikasyon**

| Indikasyon | Kasalukuyang bilang | Layon |
|---|---|---|
| Bilang ng mga estudyanteng naniniwala na malulutas nila ang mga lokal at panlipunang mga isyu na natukoy sa kanilang mga pinag-aaralan. | 70.0％ | 75.0％ |

Halígi 3

Paglikha ng isang ligtas na kapaligiran sa pag-aaral

## Panukala 1 Paglikha ng isang ligtas na kapaligiran sa pag-aaral na gumagalang sa mga pananaw ng mga bata

**Background**

Ang mga problema na kinakaharap ng mga bata ay dumaramii at naging mas kumplikado at kailangang magtatag ng kumprehensibong sistema upang makilala ang mga batang nabubuhay na may balisa o kahirapan at matugunan ang mga pangangailangan ng mga ito.

**Layon・Direksiyon**

**Paglikha ng isang ligtas na lugar sa pag-aaral sa pamamagitan ng pagbibigay galang sa mga pananaw ng mga bata at masusing pagtugon sa mga magkakaiba at komplikadong problema simula na rito ang pang-aabuso o pambubully.**

**Pangunahing inisyatiba**

- Pagsulong sa isang kapaligiran na gumagalang sa pananaw ng bawat bata.
- Pagpapahusay at pagpapatibay ng sistematikong pagtugon gamit ang kolaborasyon ng iba't-ibang ahensiya.
- Paggamit ng teknolohiyang digital para sa maagang pagtuklas at maagap na pagtugon sa SOS (paghingi ng saklolo).
- Paggamit ng mga dalubhasa at pakikipagtulungan sa mga nauugnay na organisasyon.

**Pangunahing indikasyon**

| Indikasyon | Kasalukuyang bilang | Layon |
|---|---|---|
| Bilang ng mga mag-aaral na naniniwalang sila ay ligtas sa paaralan. | Grade 6：85.7%<br>3rd Gr JHS：84.0% | Grade 6：87%<br>3rd Gr JHS：87% |




Pagpupulong ng mga Bata sa Yokohama (Palitan ng mga Distrito)

Haligi 4

Pagsulong ng edukasyong sumusuporta sa mga bata kaisa ang buong lipunan

## Panukala 1 Makipag-ugnayan sa mga taong susuporta sa mga kabataan

**Background**

Dahil ang paaralan ay isang lugar na kung saan inihahanda ang mga estudyante para sila'y mgakaroon ng kaalaman para makapaghanapbuhay, mahalagang pagyamanin ang mga kaalaman at karanasan na susuporta dito. Mahalaga ring maintindihan ng mga taong sumusuporta sa mga bata ang kaugnayan ng paaralan, komunidad at ng lipunan sa hinaharap

**Layon・Direksiyon**

**Para maging ganap ang karanasan at kaalaman ng mga bata, at patatagin ang kanilang kamalayan bilang pinuno ng komunidad, kinakailangang mag-ugnayan ang paaralan at lipunan para suportahan ang mga bata sa nagkakaisang lipunan.**

**Pangunahing inisyatiba**

- Koneksiyon sa komunidad at lipunan gaya ng paggamit sa konseho na tumatayo para sa mga mag-aaral (student council).
- Paninigurado sa seguridad at kaligtasan ng mga bata sa pamamagitan ng magandang ugnayan.

## Panukala 2 Pahusayin ang suporta sa pamamagitan ng pag-uugnay ng welfare at serbisyong medikal

**Background**

Mahalagang magkipag-ugnayan ang iba't-ibang larangan upang matugunan ang dumarami, magkakaiba at masalimuot na mga problema na pumapalibot sa mga kabataan gaya ng pagliban sa paaralan, pambubully, pang-aabuso, kahirapan, tagapag-alaga ng miyembro ng pamilya, paggamit ng bawal na gamot, paninigarilyo, pag-inom,, at problema sa mental health.

**Layon・Direksiyon**

**Ang mga paaralan ay makikipagtulungan sa welfare at mga institusyong medikal upang tugunan ang sari-sari at kumplikadong mga isyu at protektahan at suportahan ang bawat bata.**

**Pangunahing inisyatiba**

- Iba't-ibang antas ng pagtugon sa mga sarisari at masalimuot na mga isyu.
- Pagtiyak ng isang ligtas at payapang lugar para sa mga bata.

## Panukala 3 Pagsuorta sa pag-aaral sa tahanan gamit ang ugnayan

**Background**

Habang ang istruktura ng pamilya ay nagbabago at ang ugnayan ng lokal na komunidad ay humihina, mahalagang lumikha ng mainam na kapaligiran para sa mga tagapangalaga para makaagapay sa pag-aaral ng mga bata.

**Layon・Direksiyon**

**Upang masiguro na payapa ang kalooban ng mga tagapangalaga para maisagawa ang pag-aaral sa tahanan, titiyakin namin na hindi sila nag-iisa at susuportahan namin ang bawat batang mag-aaral.**

**Pangunahing inisyatiba**

- Gamit ang pag-aaral sa tahanan, susuportahan namin ang mga bata sa pamamagitan ng network, teamwork, at footwork.

**Pangunahing indikasyon**

| Indikasyon | Kasalukuyang bilang | Layon |
|---|---|---|
| Bilang ng mga tagapangalaga na sumali sa home education batay sa edukasyong nararapat sa edad ng bata ang nagsabing nagkaroon sila ng ugnayan sa iba't-ibang pamilya at gumaan ang pakiramdam tungkol sa pagpapalaki sa kanilang mga anak. | — | 55％ |

# Haligi 5

## Magagaling na mga guro na susuporta sa mga bata

### Panukala 1　Pagsanib ng training, recruitment, at development ng mga guro at pagandahin ang apela ng propesyonl

**Background**

Ang bilang ng mga aplikante na gustong magturo at bilang ng pumapasa para maging guro sa Yokohama ay bumaba ng 50%. nitons nakalipas na 10 taon. Kailangang ipalaganap ang natatanging edukasyon ng Yokohama, hikayatin ang interes ng mga ito, at itaas ng bilang ng mga aplikante.

**Layon・Direksiyon**

**Sa pamamagitan ng pinag-isang training, recruitment, at development, nais naming lumikha ng kapaligiran kung saan ang mga guro ay masiglang makakapagturo at patuloy na matututo. Pagbubutihin din ang pagpapaganda sa apela ng propesyon ng pagtuturo at paramihin ang bilang ng mga estudyanteng magnanais maging guro sa Yokohama.**



**Pangunahing inisyatiba**

- Pagsasanay sa mga estudyanteng nais maging guro.
- Pagkuha ng mga kawani sa pagtuturo.
- Pag-aruga at suporta sa patuloy na edukasyon ng mga guro.
- Muling bigyang katuturan at ipalaganap ang kadakilahan ng propesyon ng pagtuturo.

**Pangunahing indikasyon**

| Indikasyon | Kasalukuyang bilang | Layon |
|---|---|---|
| Bilang ng mga guro na nasa una hanggang pangatlong taon ng pagtuturo ang nagsasabing maganda ang sistema ng edukasyon ng Yokohama at nasisiyahan sila sa kanilang trabaho bilang guro. | — | 95％ |

### Panukala 2　Pagpapalaganap sa pagpapanibago ng istilo ng pagtratrabaho ng mga guro

**Background**

Para makamit ang edukasyon na nagpapalwak sa kayayahan ng bawat mag-aaral, kailangang ipalaganap ang pagpanibago sa paraan ng pagtratrabaho ng mga guro at magbigay ng oras para makahinga.Ito ang siyang magbubunsod ng isang kapaligiran na kung saan ang mga guro ay magkaroon ng oras para pagtuunang-pansin ang mga mag-aaral.

**Layon・Direksiyon**

**Sa pamamagitan ng pagbabago sa nakagawiang pagtratrabaho, makakalikha tayo ng oras at espasyo na makahinga ang mga guro at mga kawani para magkaroon ng kapaligiran upang sila ay manatiling masigla sa pagtuturo, magpatuloy sa pagpapabuti sa kanilang kakayahan,, at makisalamuha sa mga estudyante na may kasiyahan sa katawan at kaisipan.**

**Pangunahing inisyatiba**

- Pamamahala ng kurikulum para maglaan ng time allowance.
- Mga inisyatiba para sa 「Mga gawaing dapat gawin sa labas ng paaralan.」
- Mga inisyatiba para sa [Mga gawaing hindi kinakailangan ng aktibong partisipasyon ng mga guro.]
- Mga inisyatiba para sa [Pagpapagaan ng katungkulan ng mga guro.]
- Pagsulong ng digital transformation sa mga gawing pampaaralan.
- Pagsulong ng pagbago ng mga makalumang pananaw ng mga guro at hindi magandang kultura ng organisasyon.



**Pangunahing indikasyon**

| Indikasyon | Kasalukuyang bilang | Layon |
|---|---|---|
| Bilang ng mga guro at kawani na naniniwalang epektibong nagagamit ang time allowance na nalikha upang mapabuti ang mga katangian at kakayahan ng mga mag-aaral | — | 100％ |
| Buwanang obertaym | 35hours lang（FY2024） | 30hours lang |

Haligi 6

Mainam na laki at lagay ng pasilidades ng paaralan para mapaunlad ang edukasyon

## Panukala 1　Sulitin ang paggamit sa espasyo ng paaralan atbp

**Background**

Ang bilang ng mga estudyante sa maraming lokasyon ay bumababa kaya dumarami ang maliliit na paaralan. Smantala, dahil sa pagtayo ng mga condominium at apartments, may mga paaralan na sumusobra sa dami ng estudyante.

**Layon・Direksiyon**

**Patuloy naming tutugunan ang mga pangangailangan ng mga paaralang lumalaki o lumiliit dahil sa pagbago ng dami ng mga estudyante dulot ng pagbabago.**

**Pangunahing inisyatiba**

- I-optimize ang laki ng paaralan para masuportahan ang pag-aaral ng mga estudyante.



## Panukala 2　Pagtugon sa pagkaluma ng mga pasilidad sa paaralan at mahusay na paggamit

**Background**

Kailangang matugunan ang maayos na pagpapanatili at pagsasaayos ng mga pasilidad sa paaralan.
Mahalagang pagtibayin ang papel at kahalagahan ng mga imprastruktura kung saan nagtitipon tipon, naglalaro, at kumikilos ang mga mag-aaral at patuloy na tingnan kung paano lalong mapapabuti ang mga ito.

**Layon・Direksiyon**

**Habang tinitiyak ang seguridad at kaligtassan ipapatupad ang masistemang hakbang upang matugunan ang pagkaluma ng mga pasilidades at ang pagpapabuti ng pagkagamit at pakinabang nito, kasama na rin pagsulong ng decarbonization at pagiging barrier free access ng paaralan, pagbubutihin namin ang katungkulan ng mga paaralan bilang sentrong kanlungan ng komunidad sa oras ng kalamidad at sakuna habang isusulong ang pagpapaunlad ng kapaligiriang pumapalibot sa edukasyon.**

**Pangunahing inisyatiba**

- Sistematikong pagpapaunlad ng mga pasilidades ng paarala.
- Pagtiyak na ang mga pasilidades ay ligtas at seguro.

**Pangunahing indikasyon**

| Indikasyon | Kasalukuyang bilang | Layon |
|---|---|---|
| Bilang ng mga paaralan na nagpapatupad ng pagsasaayos o nagpapalawig ng pagkagamit ng mga pasilidades para manatiling pakinabangan ang mga ito nang mas mahabang panahon. | 17 na paaralan | 25 na paaralan |
| Western-style toilet (paupo) | 89％ | 100％※ |
| Air-conditioned gym | 30％ | 100％※ |
| Elevator sa paaralan | 69％ | 90％※ |
| Thermal insulator sa mga silid paaralan na nasa pinakamataas na palapag | 4 ％ | 100％※ |

※maliban sa inaayos na paaralan

Haligi 7

Pagyamanin ang karunungan ng mga mamamayan Panukala

## Panukala 1 The advancement of lifelong learning initiatives

**Background**

Upang makaangkop sa mga bagay na dala ng pagbabago gaya ng pagpalit ng trabaho o mga pagbabago sa estado sa buhay, mahalagang lumikha ng kapaligiran kung saan ang lahat ay patuloy na matuto para mapamahalaan ang sariling buhay.

**Layon・Direksiyon**

**Sa pamamagitan ng pagsasaayos ng mga iba"t-ibang paslidades gaya ng mga aklatan, museo, at paggamit ng digital technology, sisikapin naming pagyamanin ang mga karanasan at mga gawaing nagbibigay ng karunungan upang ang lahat ay maaring patuloy na mag-aral sa panghabambuhay.**



**Pangunahing inisyatiba**

- Lumikaha ng mga lugar at mga pagkakataon para makapag-aral at lalong mapaigi ang mga kakayahan.
- Pagsulong sa mga gawaing pagbabasa.
- Pagsulong sa paggamit at pangangalaga ng mga namanang kultura.

**Pangunahing indikasyon**

| Indikasyon | Kasalukuyang bilang | Layon |
|---|---|---|
| Bilang ng nag-access online sa mga kursong kaugnay sa panghabambuhay na pag-aaral. | — | 7,000 beses |
| Bilang ng mga librong hiniram sa aklatan. | 1,220,000 libro (FY2024) | 1,320,000 libro |

## Panukala 2 Pagpapaganda ng mga lunsod-aklatan at pagpapabuti ng kaginhawaan sa paggamit

**Background**

Upang maabot ang pangarap para sa mga aklatan na nakasaad sa "Yokohama City Library Vision" (itinatag noong March 2024), mahalagang harapin ang mga hamong may kaugnayan sa mga kondisyon ng mga pasilidades at pamamahala, at kumilos para mapabuti ang mga serbisyong handog at kaginhawaan sa paggamit ng mga ito.

**Layon・Direksiyon**

**Para manaitlling makabuluhan ang mga aklatan sa harap ng mga pagbabago ng lipunan at lumikha ng bagong panahon, isusulong namin ang pagsasaayos sa mga naunang itinakdang mga limitasyon ng lahat ng aklatan sa siyudad, at habang ipapatupad ang pagdidigitalize ng mga ito, sisikapin naming mapaunlad ang mga handog na serbisyo at kaginhawaan sa paggamit ng mga ito.**

**Pangunahing inisyatiba**

- Pagsasaayos at pagpapabuti ng mga aklatan ng siyudad at kaginhawaan sa paggamit nito.

**Pangunahing indikasyon**

| Indikasyon | Kasalukuyang bilang | Layon |
|---|---|---|
| Bilang ng mga gumagamit ng aklatan na (lubos na nasiyahan o, nasiyahan) sa serbisyo ng aklatan. | 74.7％ | 80％ |
| Bilang ng mga gumagamit ng aklatn | 6,300,000 tao (FY2024) | 7,300, 000 tao |

Latha Pebrero 2026

# Ika-5 plano ng Lungsod ng Yokohama para paunlarin ang edukasyon　Buod na Bersyon

Education Policy Promotion Division, Yokohama Board of Education Secretariat
6-50-10 Honcho, Naka-ku, Yokohama　tel 045-671-3243　fax 045-663-3118

明日をひらく都市
OPEN × PIONEER
YOKOHAMA